Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE OF EMERGENCY SERVICES

# MGA MAHALAGANG FORM PARA SA ISANG KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL

Ang impormasyon sa ibaba ay isang patnubay para tulungan kang punan ang mga kailangang form para maghain ng kahilingan para sa Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril. Maaaring kailangan niyong kumpletuhin ang mga karagdagang form depende sa inyong county. Lahat ng mga form ay makukuha sa **https://tinyurl.com/californiacourts** o sa inyong lokal na nakatataas na korte. Ang karagdagang suporta ay maaaring makuha sa sentro ng sariling tulong ng inyong lokal na hukuman, na maaaring makita sa **https://tinyurl.com/selfhelpcourt**.

## MGA KAILANGANG FORM

### GV-110

Para mag-apply para sa Pansamantalang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, na nagtatagal ng 21 araw.

### GV-100

Kung gusto mong manatiling nakatalaga ang kautusan nang isa hanggang limang taon.

### GV-109

Para gamitin sa GV-100 form, sasabihin nito sa iyo kung kailan pupunta sa hukuman.

### CLETS-001

Binibigyan ang pagpapatupad ng batas ng impormasyong kailangan para isagawa ang utos.

## MGA TERMINONG DAPAT MONG ALAM

**TAGA-PETISYON**
ikaw, ang pumupuno ng mga form para humiling ng Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril

**TUMUTUGON**
taong nasa krisis

**LUGAR**
ang county kung saan nakatira ang taong nasa krisis

**KLERK NG HUKUMAN**
ang tagapag-alaga ng talaan ng hukuman

# GV-110

## PANSAMANTALANG KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL

- Sa Hakbang 1, punan ang impormasyon mo at tsekan ang kahon na mailalapat sa relasyon mo sa taong nasa krisis. Hindi mo kailangan ng abogado para ma-apply para sa Pansamantalang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, pero kung mayroon ka, maisasama mo ang impormasyon nila dito.
- Punan ang impormasyon para sa taong nasa krisis sa Hakbang 2. Siguruhin na mapunan mo ang lahat ng kailangang mga field ng impormasyon na mayroong star (*). Ang mga natitirang seksiyon ay pupunan ng korte.

# GV-100

## PETISYON PARA SA KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL (1 HANGGANG 5 TAON)

- Kung hindi mo alam ang kasaysayan ng korte ng taong nasa krisis o anong mga armas ang mayroon sila, maaari mong tsekan ang “Hindi” sa mga Hakbang 4 at 5. Ang pag-tsek sa “Hindi” ay katanggap-tanggap sa hukuman.
- Sa Hakbang 6, kakailanganin mong ipakita ang mga katotohanan para ipakita na maaaring masaktan ng tao ang sarili nila o mga ibang tao. Magsama ng anumang impormasyon na tutulong sa huradong maunawaan kung bakit mahalaga ang utos at ang mga ibang mas hindi seryosong pagkilos na nasubukan at hindi gumana.

# GV-109

## PAUNAWA SA PAGDINIG SA HUKUMAN

- Dapat mong dalhin ang form na ito sa hukuman at magbigay ng impormasyon mula sa Hakbang 1 at 2. Ang mga natitirang seksiyon ng form na ito ay kukumpletuhin ng korte at isasauli sa iyo.
- Gagamitin ng hukuman ang form na ito para abisuhan ka ng petsa mo sa hikuman, na makikita sa Hakbang 3.

# CLETS-001

## KUMPIDENSIYAL NA IMPORMASYON NG CLETS

- Ang kahulugan ng CLETS ay “California Law Enforcement Telecommunications System.” Ito ay isang computer network na nagbibigay sa nagpapatupad ng batas ng access sa impormasyon ng estado at pambansa para sa pampublikong kaligtasan.
- Ang form na ito ay magbibigay sa nagpapatupad ng batas ng impormasyong kailangan para ipatupad ang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, kung ibigay. Punan ang kasing dami ng form na ito hangga’t kaya mo at ibigay ito sa klerk ng hukuman.
- ***Ang form na ito ay kumpidensiyal at wala sa file ng hukuman.***

## MGA KARAGDAGANG FORM

Bagaman ang lahat ng mga county ng California ay gimagamit ng parehong basic na set ng mga form, maaaring atasan ng county mo ang mga karagdagang dokumento. Para makita kung kailangan mo ng mga karagdagang form, kontakin ang klerk ng hukuman mo o tingnan ang website ng hukuman mo sa tinyurl.com/findmycourt.